Pangalan: ____________________________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula: ________________ Petsa Nang Natapos: _______________ Marka: ________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**
**Kaligirang Pangkasaysayan ng *El Filibusterismo***

**I. PANUTO:** Suriin ang mga pahayag. Isulat sa patlang ang **Tama** kung wasto ang ipinahahayag sa bawat bilang o **Mali** kung hindi wasto.

______ 1. Natapos isulat ni Rizal ang *El Filibusterismo* sa ibang bansa.

______ 2. Inihandog ni Rizal ang *El Filibusterismo* sa Inang Bayan.

______ 3. Tinatalakay sa nobelang *El Filibusterismo* ang tanging mga suliraning panlipunan sa Pilipinas.

______ 4. Nobelang politikal ang *El Filibusterismo*.

______ 5. Karugtong ng nobelang *Noli Me Tangere* ang *El Filibusterismo*.

______ 6. Isinulat ni Rizal ang *El Filibusterismo* noong panahong bago pa sakupin ng mga Espanyol ang Pilipinas.

______ 7. Higit na mauuring maikling kuwento ang *El Filibusterismo*.

______ 8. Binubuo ng 39 na kabanata ang *El Filibusterismo*.

______ 9. Naging inspirasyon ni Andres Bonifacio ang *El Filibusterismo* sa pagtataguyod ng samahan na tahasang nakipaglaban sa mga Espanyol.

______ 10. Ang *El Filibusterismo* ay nangangahulugang "Ang Paghahari ng Kasakiman."

**II. PANUTO:** Unawain ang sumusunod na tanong at bilugan ang letra ng tamang sagot.

1. Anong katangian ni Rizal ang lumutang sa kaniyang kabataan na may kaugnayan sa pagsusulat ng mga akda tulad ng talinghaga na "*El Consejo de los Dioses*"?

    a. matapat na pakikipagkaibigan

    b. pagpapahalaga sa kapuwa

    c. pagkamakabayan

    d. pagkamaalalahanin

2. Sa *El Filibusterismo*, iniuugat ni Jose Rizal ang pinagmulan ng sakit na panlipunan ng Pilipinas. Ayon kay Rizal, alin ang ugat ng suliraning panlipunan?

    a. makalumang kultura

    b. sistemang pampolitika

    c. mababang uri ng edukasyon

    d. kawalan ng pag-iingat sa sarili

3. Ang pagpatay sa tatlong paring martir ay isang pangyayari na nagmulat kay Rizal sa kalagayan ng bansa kaya naisulat niya ang *El Filibusterismo*. Anong kalagayang panlipunan ang maiuugnay sa sitwasyong naganap noong panahon ng mga Espanyol?

    a. Ang sinumang may kaugnayan sa mga taong pinaratangan ay pararatangan din.

    b. Mabilis ang paghatol ng kamatayan sa mga taong makasalanan.

    c. Pinapatay ang lahat ng pari noong Panahon ng Espanyol.

    d. Mayayaman lang ang nabubuhay noon.

4. Anong pinakaangkop na paglalarawan ang akma sa paglilitis laban kay Jose Rizal?

    a. Hindi makatao ang pagturing o pagtrato kay Rizal.

    b. Palipat-lipat ang korte kung saan nililitis ang akusadong si Rizal.

    c. Akusado pa lamang si Rizal ay may hinalang may kasalanan na siya.

    d. Buo ang hatol na malupit na kamatayan at pagkukunwari lamang ang paglilitis.

5. Bakit sinabi sa akda na buhay si Jose Rizal?

    a. Muli siyang nabuhay pagkatapos mamatay.

    b. Nananatili ang kaniyang kabayanihan sa lahing Pilipino at naisasalin sa iba't ibang henerasyon.

    c. Paglipas ng siglo ay nagbabalik siya sa ibang katauhan na ipinanganak muli.

    d. dahil taon-taon ipinagdiriwang ang kaniyang kamatayan